## 5 PANANAGUTAN NG MAMIMILI

### 1. Mapanuring Kamalayan

Ang tungkuling maging listo at mausisa tungkol sa kung ano ang gamit, halaga at kalidad ng mga paninda at paglilingkod na ating ginagamit.

### 2. Pagkilos

Ang tungkuling maipahayag ang ating sarili at kumilos upang makatiyak sa makatarungang pakikitungo. Kung tayo'y mananatili sa pagwawalang-bahala, patuloy tayong pagsasamantalahan ng mga mandarayang mangangalakal.

### 3. Pagmamalasakit sa Lipunan

Ang tungkuling alamin kung ano ang ibubunga ng ating pagkonsumo ng mga kalakal at serbisyo sa ibang mamamayan, lalong lalo na ang pangkat na maliit o walang kapangyarihan, maging ito ay local, pambansa o pandaigdig na komunidad

### 4. Kamalayan sa Kapaligiran

Ang tungkuling mabatid ang kahinaan ng ating kapaligiran bunga ng hindi wastong pagkonsumo. Kailangan pangalagaan natin ang ating likas na kayamanan para sa ating kinabukasan.

### 5. Pagkakaisa

Ang tungkuling magtatag ng samahang mamimili upang magkaroon ng lakas at kapangyarihan maitaguyod at mapangalagaan ang ating kapakanan.




# Mga Karapatan at Pananagutan ng Mamimili

PHILIPPINES

# 8 KARAPATAN NG MAMIMILI

## 1. Karapatan sa mga Pangunahing Pangagailangan

May karapatan sa sapat na pagkain, pananamit, masisilungan, pangangalagang pangkalusugan, edukasyon at kalinisan upang mabuhay.

## 2. Karapatan sa Kaligtasan

May karapatan bigyan ng katiyakang ligtas at mapapangalagaan ka laban sa pagtitinda ng mga produktong makakasama o mapanganib sa iyong kalusugan at kaligtasan.

## 3. Karapatan sa Patalastasan

May karapatang mapangalagaan laban sa mapanlinlang, madaya at mapanligaw na patalastas, mga etiketa at iba pang hindi wasto at hindi matapat na gawain.

## 4. Karapatang Pumili

May karapatang pumili ng iba't ibang produkto at serbisyo sa halagang kaya mo. Kung ito ay monopolisado ng pribadong kumpanya man, dapat na magkaroon ka ng katiyakan sa kasiya-siyang uri at halaga ng produkto nila.

## 5. Karapatang Dinggin

May Karapatang makatiyak na ang kapakanan ng mamimili ay lubusang isaalang-alang sa paggawa at pagpapatupad ng anumang patakaran ng pamahalaan

## 6. Karapatang Bayaran at Tumbasan sa Ano mang Kapinsalaan

May karapatang bayaran at tumbasan sa ano mang kapinsalaan na nagbuhat sa produkto na binili mo. May karapatan kang mabayaran sa ano mang kasinungalingan o mababang uri ng paninda o paglilingkod na ibinigay o ipinagbili.

## 7. Karapatan sa Pagtuturo Tungkol sa Pagiging Matalinong Pamimili

Ito ay nagtatalakay ng karapatan sa katalinuan at kaalaman na kinakailangan upang makagawa ng hakbanging makakatulong sa mga desisyong pangmamimili

## 8. Karapatan sa Isang Malinis na Kapaligiran

May Karapatan sa kalayaan , pagkakapantay-pantay at sapat na mga kalagayan sa buhay na nagbibigay ng pahintulot sa isang marangal at maayos na pagkatao.

Department of Trade and Industry

Cavite Provincial Office
2nd Floor Government Center Building
Capitol Compound, Trece Martires City

Phone: (046) 4191028
Fax: (046) 5140461
E-mail: r04a.cavite@dti.gov.ph